

PAHAYAG NG IMPORMASYON SA BAKUNA

Bakuna sa *Haemophilus influenzae* type b (Hib): *Ano Ang Kailangan Mong Malaman*

Many Vaccine Information Statements are available in Tagalog and other languages. See www.immunize.org/vis

Maraming Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Tagalog at sa iba pang mga wika. Tingnan sa www.immunize.org/vis

1. Bakit magpapabakuna?

Mapipigilan ng Hib vaccine ang *Haemophilus influenzae* type b (Hib) na sakit.

Ang *Haemophilus influenzae* type b ay maaaring magdulot ng maraming iba't ibang uri ng impeksyon. Ang mga impeksyong ito ay kadalasang nakakaapekto sa mga batang wala pang 5 taong gulang ngunit maaari ring makaapekto sa mga nasa hustong gulang na may ilang partikular na kundisyong medikal. Ang bakteryang Hib ay maaaring magdulot ng banayad na karamdaman, tulad ng mga impeksyon sa tainga o brongkitis, o maaari silang magdulot ng malubhang karamdaman, tulad ng mga impeksyon sa dugo. Ang matinding impeksyon ng Hib, na tinatawag ding “invasive Hib disease,” ay nangangailangan ng paggamot sa isang ospital at kung minsan ay maaaring magresulta sa kamatayan.

Bago ang bakuna sa Hib, ang sakit na Hib ang pangunahing sanhi ng bacterial meningitis sa mga batang wala pang 5 taong gulang sa Estados Unidos. Ang meningitis ay isang impeksyon sa lining ng utak at spinal cord. Maaari itong humantong sa pinsala sa utak at pagkabingi.

Ang impeksyon ng Hib ay maaari ding maging sanhi ng:

- Pulmonya
- Matinding pamamaga sa lalamunan, na nagpapahirap sa paghinga
- Mga impeksyon sa dugo, kasukasuan, buto, at takip ng puso
- Kamatayan

2. Bakuna sa Hib

Ang bakuna sa Hib ay karaniwang ibinibigay sa 3 o 4 na dosis (depende sa tatak).

Karaniwang makukuha ng mga sanggol ang kanilang unang dosis ng bakuna sa Hib sa edad na 2 buwan at karaniwang makukumpleto ang serye sa edad na 12–15 buwan.

Ang mga batang nasa pagitan ng 12 buwan at 5 taong gulang na hindi pa ganap na nabakunahan laban sa Hib ay maaaring mangailangan ng 1 o higit pang dosis ng bakuna sa Hib.

Hib VIS - Tagalog (8/6/21)

Ang mga batang mahigit 5 taong gulang at mga nasa hustong gulang ay karaniwang hindi tumatanggap ng bakuna sa Hib, ngunit maaaring irekomenda ito para sa mas matatandang bata o nasa hustong gulang na ang pali ay nasira o naalis, kabilang ang mga taong may sickle cell disease, bago ang operasyon upang alisin ang pali, o pagkatapos ng bone marrow transplant. Ang bakuna sa Hib ay maaari ding irekomenda para sa mga taong 5 hanggang 18 taong gulang na may HIV.

Maaaring ibigay ang bakuna sa Hib bilang isang nagsosolong bakuna, o bilang bahagi ng kumbinasyong bakuna (isang uri ng bakuna na pinagsasama-sama ang higit sa isang bakuna sa isang iniksyon).

Ang bakuna sa Hib ay maaaring ibigay kasabay ang iba pang mga bakuna.

3. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan

Sabihin sa iyong tagapagbigay ng pagbabakuna kung ang taong babakunahan ay:

- Nagkaroon ng **allergic na reaksiyon makalipas ang nakaraang dosis ng bakuna sa Hib**, o may anumang **malala, banta sa buhay na mga allergy**

Sa ilang mga kaso, maaaring magpasya ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na ipagpaliban ang pagbabakuna para sa Hib hanggang sa isang pagbisita sa hinaharap.

Maaaring mabakunahan ang mga taong may kaunting karamdaman, tulad ng sipon. Ang mga taong may katamtaman o malubhang sakit ay karaniwang dapat maghintay hanggang sa sila ay gumaling bago kumuha ng bakuna sa Hib.

Ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay makakapagbigay sa iyo ng higit pang impormasyon.



U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

4. Mga panganib ng isang reaksiyon sa bakuna

- Pamumula, init, at pamamaga kung saan ibinibigay ang iniksyon at maaaring mangyari ang lagnat pagkatapos ng pagbabakuna para sa Hib.

Ang mga tao kung minsan ay hinihimatay matapos ang mga medikal na pamamaraan, kabilang ang pagbabakuna. Sabihin sa iyong tagapagbigay ng serbisyo kung nakakaramdam ka ng pagkahilo o may mga pagbabago sa iyong paningin o pag-ugong sa iyong mga tainga.

Tulad ng anumang gamot, mayroong napakaliit na tsansa na ang isang bakuna ay maging sanhi ng malalang allergic na reaksiyon, ibang malubhang pinsala sa katawan, o pagkamatay.

5. Paano kung may isang malubhang problema?

Ang isang allergic na reaksiyon ay maaaring mangyari pagkatapos na ang taong nabakunahan ay umalis sa klinika. Kung makakita ka ng mga palatandaan ng matinding allergic na reaksiyon (mga pantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na tibok ng puso, pagkahilo, o panghihina), tumawag sa **9-1-1** at dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital.

Para sa iba pang mga palatandaan na nakakabahala sa iyo, tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Dapat iulat ang mga hindi mabuting reaksiyon sa Sistema ng Pag-uulat ng Hindi Mabuting Pangyayari kaugnay ng Bakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System, VAERS). Karaniwang isinusumite ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang ulat na ito o maaaring ikaw mismo ang gumawa nito. Bisitahin ang website ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov o tumawag sa **1-800-822-7967**. *Ang VAERS ay para lamang sa pag-uulat ng mga reaksiyon, at ang mga tauhan ng VAERS ay hindi nagbibigay ng medikal na payo.*

6. Pambansang Programa ng Kabayaran para sa Pinsala kaugnay ng Bakuna

Ang Pambansang Programa ng Kabayaran para sa Pinsala kaugnay ng Bakuna (National Vaccine Injury Compensation Program, VICP) ay isang pederal na programang nilikha upang mabayaran ang mga taong maaaring napinsala ng ilang mga bakuna. Ang mga paghahabol tungkol sa di-umano'y pinsala o pagkamatay dahil sa pagbabakuna ay may limitasyon sa oras para sa paghahain, na maaaring kasing-ikli ng dalawang taon. Bisitahin ang website ng VICP sa www.hrsa.gov/vaccinecompensation o tumawag sa **1-800-338-2382** upang malaman ang tungkol sa programa at tungkol sa paghahain ng claim.

7. Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Bisitahin ang website ng Food and Drug Administration (FDA) para sa mga kalakip ng pakete ng bakuna at karagdagang impormasyon sa www.fda.gov/vaccines-blood-biologics/vaccines.
- Makipag-ugnay sa Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC):
 - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o
 - Bisitahin ang website ng CDC sa www.cdc.gov/vaccines.

Tagalog translation provided by Immunize.org

